**DALUMAT**
*Pambansang Akademikong Journal sa Pananaliksik at Edukasyon*
Tomo 1, Isyu 2 (2026)
**ISSN:3116-4692**

# Pagbuo at Balidasyon ng mga Talasanayang Ginamitan ng Estratehiyang Improvisasyon Sa Pagtuturo Ng Filipino 11

John Aaron P. Luceno
Pangasinan State University – School of Advanced Studies
johnaaron.luceno@deped.gov.ph

Petsa ng Pagsumite:
**Abril 6, 2026**

Petsa ng Pagtanggap:
**Abril 24, 2026**

Petsa ng Paglathala:
**Mayo 11, 2026**

DOI:
**10.5281/zenodo.20115283**

**Abstrak**

Ang pananaliksik na ito ay nakatuon sa pagbuo at pagbabalidasyon ng mga talasanayang naglalapat ng estratehiyang improvisasyon para sa asignaturang Filipino 11, bilang tugon sa naitalang pag-urong ng kasanayang pasalita at sa kakulangan ng inobatibong kagamitang panturo na umaayon sa binagong kurikulum ng Mabisang Komunikasyon. Gumamit ang pag-aaral ng disenyong Research and Development (R&D) at ng Modelong 4D (Define–Design–Develop–Disseminate) ni Thiagarajan upang matiyak ang sistematiko at ebidensiyang batay na proseso ng pagdidisenyo ng materyal. Ang mga datos ay kinalap mula sa 60 guro ng Filipino sa Senior High School mula sa Tarlac, Nueva Ecija, at Katimugang Leyte sa pamamagitan ng talatanungang sumusuri sa (a) mga gawain sa pagsasalita, (b) kasalukuyang kagamitang ginagamit, at (c) antas ng hamon at pangangailangan sa silid-aralan; samantala, ang nabuong talasanayan ay sinuri at inebalwasyon ng 5 eksperto sa Filipino, pedagohiya, kurikulum, at sining ng teatro batay sa kabisaan ng nilalaman, gawain, at pagtataya, gayundin sa kalidad at konsistensi.

Ipinakita ng resulta na pinakamadalas ipagawa ng mga guro ang Pangkatang Talakayan (50.0%) at Mga Improvisasyonal na Senaryo (40.0%), na nagpapahiwatig ng paglipat mula sa memoryadong pagsasalita tungo sa mas natural at kusang paggamit ng wika. Gayunman, natukoy rin ang labis na pagdepende sa PowerPoint (80.0%) at ang mababang paggamit ng audio recordings (60.0% sa kategoryang Bihira), na nagpapahiwatig ng limitasyon sa pag-iiba-iba ng midyum na maaaring mahalaga sa pagmomodelo at pagmomonitor ng aspekto ng pagbigkas. Pinagtibay rin ng mga guro na ang stage fright (40.0%) at kakulangan sa kagamitang pampagtuturo (33.3%) ang pangunahing hadlang sa paglinang at pagtataya ng kasanayang pasalita—mga natuklasang nagsilbing empirikal na batayan sa pagdidisenyo ng talasanayang nakasentro sa aktibong partisipasyon at pagbuo ng kumpiyansa.

Sa pagbabalidasyon ng mga eksperto, nakamit ng binuong talasanayan ang pangkalahatang mean na 3.66 (Lubos na Naaangkop) sa kabisaan, kung saan pinakamataas ang usability (mean = 3.69)—patunay na ang mga gawain ay praktikal at madaling isakatuparan sa antas ng guro at mag-aaral. Kapansin-pansin din ang paglitaw ng perfect mean na 3.80 sa piling gawain (hal. "Sabi nga ni Boss"/Talasanayan 14) na iniuugnay sa awtentikong paglalapat sa makatotohanang sitwasyong pangkomunikasyon. Sa aspekto ng pagtataya, nanatiling mataas ang kabisaan (mga mean na 3.63 at 3.66), na nagpapahiwatig na ang rubriks at pamantayan ay umaayon sa target na kompetensi at tumutugon sa pangangailangan para sa mas obhetibong pagmamarka; kalakip nito ang mungkahi ng mga eksperto na gumamit ng payak na wika at namamasdang indikador (hal. eye contact, lakas ng boses) upang maging malinaw ang inaasahan at maiwasan ang kalituhan ng mag-aaral. Sa antas ng pagtanggap batay sa kalidad at konsistensi, nakamit ang pangkalahatang mean na 3.53 (Lubos na Katanggap-tanggap), kung saan pinakamataas ang kaangkupan ng

terminolohiya (mean = 4.00) at kalinawan ng pagkakalahad (mean = 3.80), na nagpapatunay sa teknikal at nilalamang kalidad ng instrumento.

Sa kabuuan, pinatutunayan ng pag-aaral na ang improvisasyon, kapag isinandig sa sistematikong balangkas ng 4D Model, ay mabisang estratehiyang pampagtuturo at pampagtataya na hindi lamang nagpapahusay sa pagganap sa pagsasalita kundi tumutugon din sa sikolohikal na pangangailangan ng mga mag-aaral, lalo na sa pagbawas ng kaba at sa paghahanda sa dinamikong hamon ng tunay na pakikipagtalastasan.

**Mga Susing Salita**: *Talasanayan, Improvisasyon, Balidasyon, Kabisaan, 4D Model*

## INTRODUKSYON

Sa patuloy na pag-usad ng globalisasyon at sa mga pagbabago sa larangan ng edukasyon, ang kasanayan sa komunikasyong pasalita ay hindi na maituturing na isang opsiyonal na talento; bagkus, ito ay isang pundamental na pangangailangan sa ika-21 siglo. Gayunpaman, ipinakikita ng kasalukuyang kalagayan ng edukasyon sa Pilipinas na nananatiling malaki ang hamon sa aspektong ito.

Ayon sa datos ni Geronimo (2015), nasa 6.59% lamang ang antas ng kasanayan sa komunikasyon ng mga mag-aaral sa bansa—isang bilang na naglalarawan ng seryosong krisis sa kakayahang berbal. Pinagtitibay ito ng mga obserbasyon nina Salazar (2018) at Reyes (2020) na nagsasaad na ang labis na pagtuon ng mga aralin sa pagbasa at pagsulat ay nagbubunga ng kakulangan ng kumpiyansa ng mga mag-aaral sa pag-oorganisa at malinaw na pagpapahayag ng kanilang mga ideya sa paraang pasalita.

Bilang tugon, nilalayon ng pag-aaral na ito na tugunan ang naturang puwang sa pamamagitan ng pagbibigay-diin na kinakailangang magkaroon ng mas inobatibong alternatibo sa tradisyonal na pedagohiya upang higit na mapaunlad ang kakayahang komunikatibo ng mga mag-aaral sa Senior High School (SHS). Bilang tugon sa hamon ng Kagawaran ng Edukasyon (DepEd) sa ilalim ng Pinagtibay na Kurikulum ng SHS para sa 2026–2027, iminungkahi ng pananaliksik na ito ang paggamit ng improvisasyon.

Sa sining ng teatro, kinikilala nina Johnstone (1999) at Boal (2002) ang improvisasyon bilang isang makapangyarihang paraan ng malayang pagpapahayag. Ang mga gawaing tulad ng *warm-up games* at *spontaneous dramatization* ay hindi lang para magpatawa o mag-aliw. Isa rin itong estratehikong paraan upang mahubog ang bilis ng pag-iisip (spontaneity) at mapalalim ang empatiya.

Ang improvisasyon sa edukasyon ay hindi lang sining sa teatro. Isa rin itong makapangyarihang paraan ng *enactive learning* na humihikayat ng aktibong partisipasyon at kolaboratibong pagkatuto. Ayon kina Berkowitz (2024) at Spragge & Eichler, para maging epektibo ito, kailangan ng maingat at sistematikong pagpaplano—lalo na sa pagbuo ng tinatawag na "*atomic skills*," o maliliit pero mahahalagang kasanayang dapat malinang ng mga mag-aaral. Binibigyang-diin din ng mga literatura na nakasalalay ang matagumpay na improvisasyon sa limang pangunahing elemento: kuwento, kapaligiran, tiwala, pokus, at pagpapakita. Sa tulong ng "*side coaching*," o aktibong paggabay ng guro habang nagaganap ang gawain, nabubuo ang isang positibong kapaligiran kung saan nagkakaroon ng lakas ng loob ang mga mag-aaral na sumubok at "umuwi nang may panalo" sa bawat sesyon.

Bilang propesyonal na kasanayan para sa mga guro, nakatutulong ang improvisasyon upang mas maging adaptable sa mga hindi inaasahang pangyayari sa loob ng silid-aralan. Ayon kina Holdhus et al. (2016), ang kasanayang ito ay nakaangkla sa mga tradisyon ng retorika, musika, at teatro, kaya nagbubunga ito ng pedagohiyang *dialogic* at *responsive*. Sa ganitong pananaw, ang komunikasyon, estruktura, repertuwaryo, at konteksto ang nagsisilbing balangkas para maging mas epektibong tagapamagitan ng kaalaman ang guro. Sa huli, nagiging tulay ang improvisasyon upang ang guro ay hindi lamang tagapaghatid ng impormasyon, kundi isang malikhaing lider na handang humarap sa dinamikong hamon ng pagtuturo.

Sa paglinang ng wika, napatunayang epektibo rin ang improvisasyon sa pagpapataas ng motibasyon at kumpiyansa ng mga mag-aaral sa pagsasalita. Ipinaliwanag nina Erickson (2019) at Florea (2011) na ang mga gawaing tulad ng dula-dulaan at drama ay nagbibigay ng pagkakataong magamit ang gramatika at bokabularyo sa masaya at makatotohanang paraan—nang hindi masyadong natatakot magkamali. Ang mga teknik na ito, lalo na ang mabilis na pag-iisip o *spontaneity*, ay naghahanda sa mga mag-aaral para sa mga awtentikong sitwasyon sa tunay na buhay. Ayon pa kay Dr. Winnaflor Gaspar, ang pagsasama ng drama at laro sa edukasyon ay isang holistikong pamamaraan na nagbubukas ng pinto para sa mas malalim na pag-unawa sa iba't ibang pananaw at mas matatag na kasanayang panlipunan.

Ang mga makabagong pag-aaral sa edukasyon ng wika ay nagkakaisa sa pananaw na ang teatro at improvisasyon ay epektibong metodolohiya sa pagtuturo. Sa pananaliksik nina Rahmadhanti at Sukistyani (2025), ipinakita na ang teatro ay nakalilikha ng suportadong kapaligirang emosyonal na nakatutulong sa praktikal at kontekstuwal na pagkatuto ng bokabularyo. Nakaugat ang pag-aaral na ito sa Teorya ng Eksperyensyal na Pagkatuto ni Kolb at Teorya ng Pagkakaroon ng Ikalawang Wika ni Krashen, na kapwa nagpapahiwatig na ang mga gawaing tulad ng role-play at dramatisasyon ay nagpapalakas ng interaktibong panlipunang kapaligiran.

Pinatutunayan din ito ng eksperimento ni Tournaire (2024) sa University of Montpellier, kung saan napatunayang nakababawas ng pagkabalisa (*anxiety*) sa pagsasalita ang paggamit ng mga larong improvisasyon. Ipinakita rin ng pag-aaral na nagbabago ang pananaw ng mga estudyante sa mga pagkakamali—mula sa pagiging hadlang tungo sa pagtingin dito bilang natural na bahagi ng pagkatuto. Kaugnay nito, natuklasan nina Zondag et al. (2020) na ang mga gawaing improvisasyon tulad ng pagkukuwento at pagpapahayag ng katayuan (status) ay nagdudulot ng makabuluhang pag-unlad sa kumpiyansa at pagiging kalmado ng mga mag-aaral habang nagsasalita.

Sa lokal na konteksto, binigyang-diin ni Lopez (2024) ang kahalagahan ng mga suplementaryong kagamitang panturo upang mapaunlad ang makrong kasanayan sa pagsasalita ng mga mag-aaral sa Baitang 10. Bagama't nakatuon ang pag-aaral sa mga mas planadong gawain gaya ng debate at talk show, kinikilala pa rin nito ang pangangailangan para sa mga interbensiyong magpapalakas sa katatasan at gramatika ng mga estudyante. Samantala, ipinakita nina Dionela-Servo (2023) ang bisa ng pagbuo ng mga modyul para sa mga banyagang mag-aaral na nag-aaral ng Filipino bilang pangalawang wika.

Sa kabuuan, pinatutunayan ng mga pag-aaral na kritikal ang mga malikhaing gawain sa paglinang ng kasanayan sa wika, bagama't nananatiling hamon ang kakulangan sa kagamitang pampagtuturo at ang pag-aatubili ng ilang mag-aaral na makilahok sa mga gawaing pasalita. Ayon kina Santos at Matic (2023), ang pangangailangan sa ganitong mga kagamitang pampagtuturo, lalo na dahil nananatiling malaki ang kakulangan sa mga modernong *audiovisual tools* sa mga pampublikong paaralan.

Ang pagbuo ng mga kagamitang pampagtuturo ay nangangailangan ng matibay na metodolohikal na pundasyon. Napatunayan sa pag-aaral nina Irawan et al. (2018) na epektibo ang Modelong 4D nina Thiagarajan et al. sa pagtitiyak ng *validity* at *reliability* ng mga binuong materyales. Binibigyang-diin din ni Branch (2009) na mahalaga ang mga *instructional design models* upang maging lohikal at epektibo ang anumang kagamitang binubuo. Sa huli, ayon kay Md. Absar Uddin (2025), ang pagsasama ng mga malikhaing gawain at sistematikong pagtataya ay hindi lamang nagpapahusay ng kasanayan sa pagsasalita, kundi nagsisilbi ring tulay sa paghahanda sa mga mag-aaral para sa mga makatotohanang sitwasyon ng pakikipagtalastasan sa labas ng paaralan.

Ang pagbuo at pagbabalidasyon ng mga talasanayang gumagamit ng estratehiyang improvisasyon sa Filipino 11 ay mahalagang hakbang sa pag-uugnay ng teorya at praktika sa pagtuturo ng wika, at nagbibigay ng empirikal na batayang sumusuporta sa paglinang ng mga mag-aaral bilang epektibong tagapagsalita. Sa pamamagitan ng sistematiko at malinaw na gabay ng mga talasanayan, inaasahang mapalalakas ang kanilang kahandaan sa pakikilahok sa lokal at global na diskurso, kasabay ng pagpapatibay ng pagpapahalaga sa sariling wika at kultural na pagkakakilanlan.

## Layunin ng Pag-aaral

Layunin ng pag-aaral na ito na makabuo at mabigyang-balidasyon ang talasanayang naglalapat ng estratehiyang improvisasyon para sa pagtuturo ng Filipino 11. Nilalayon nitong matukoy ang mga pamantayan sa pagbuo ng angkop na talasanayan, maidisenyo ang instrumento batay sa mga pedagohikal at kurikular na kinakailangan ng asignaturang Filipino 11, at mataya ang antas ng kabisaan at pagtanggap nito sa pamamagitan ng pagsusuri ng mga eksperto bago ito gamitin sa pormal na pagtuturo.

Upang maisakatuparan ang mga layunin, sinagot ng pag-aaral ang sumusunod na katanungan:

1. Ano-ano ang gawaing pagsasalita na kadalasang pinapagawa ng mga guro sa pagtuturo ng mga asignaturang Filipino sa Baitang 11?
2. Ano-ano ang kagamitang pampagtuturo na kadalasang ginagamit ng mga guro sa pagtuturo ng mga asignaturang Filipino sa Baitang 11 partikular sa pagsukat ng kasanayang pagsasalita?
3. Ano-ano ang antas ng hamon ng mga guro sa pagsukat ng kasanayang pagsasalita sa pagtuturo ng asignaturang Filipino 11?
4. Ano-ano ang pangangailangan ng mga guro na dapat bigyang-kasagutan upang tumugon sa mga hamon sa kasanayang pagsasalita sa pagtuturo ng asignaturang Filipino 11?
5. Paano bubuuin ang talasanayang ginamitan ng estratehiyang improvisasyon sa pagtuturo ng asignaturang Filipino 11 batay sa mga natukoy na hamon at pangangailangan?
6. Ano ang antas ng kabisaan sa nabuong mga talasanayang ginamitan ng estratehiyang improvisasyon sa pagtuturo ng Filipino 11 ayon sa mga eksperto batay sa:
7. nilalaman at gawain; at
8. pagtataya?
9. Ano ang antas ng pagtanggap sa nabuong mga talasanayang ginamitan ng estratehiyang improvisasyon sa pagtuturo ng Filipino 11 ayon sa mga eksperto batay sa konsistensi at kalidad?

## METODOLOHIYA

### Disenyo ng Pananaliksik

Gumamit ang pag-aaral ng disenyong Research and Development (R&D) upang sistematikong makabuo at mabalido ang isang kongkretong produktong tutugon sa isang tiyak na pangangailangan. Sa disenyo ring ito, lumikha ng *prototype* na dadaan sa pagsusuri ng mga eksperto at sa paulit-ulit na siklo ng pagpaplano, pagbuo, at rebisyon upang matiyak ang kalidad, bisa, at praktikal na gamit ng produkto. Bilang gabay sa pagbuo ng talasanayan, ginamit ang Modelong 4D nina Thiagarajan, Semmel, at Semmel (1974)—Define, Design, Develop, at Disseminate—upang matiyak na dumaan ito sa masusing balidasyon at pagpipino bago ituring na epektibong kagamitang pampagtuturo.

### Mga Kalahok sa Pag-aaral

Ang mga kalahok sa pananaliksik ay binuo ng dalawang estratehikong pangkat. Ang unang pangkat, para sa paunang pagtataya ng pangangailangan sa pagdebelop ng talasanayan, ay binubuo ng animnapung (60) guro ng Filipino sa Senior High School mula sa mga dibisyon ng Tarlac, Nueva Ecija, at Katimugang Leyte. Sila ang pinagmulan ng datos sa pamamagitan ng talatanungan upang matukoy ang kasalukuyang kagamitang pampagtuturo sa pagsukat ng kasanayan sa pagsasalita at ang mga hamon sa pagtuturo ng Filipino 11. Pinili sila sa pamamagitan ng *stratified random sampling* at kinakailangang aktibo sa pagtuturo sa pampubliko o pribadong paaralan at may karanasan sa Filipino 11 sa nakaraang dalawang taon o hanggang kasalukuyan.

Ang ikalawang pangkat ay binuo ng limang (5) eksperto na nagsagawa ng *content validation* sa binuong talasanayan: dalawang (2) eksperto sa pagtuturo ng Filipino sa Senior High School, dalawang (2) dalubhasa sa kurikulum at pedagohiya, at isang (1) eksperto sa teatro o arts-based teaching na may kasanayan sa improvisasyon. Pinili sila sa pamamagitan ng *purposive sampling* batay sa kanilang akademikong kwalipikasyon, malawak na karanasan, reputasyon at aktibong pakikilahok sa larangan, at kakayahan sa pagsusuri at pagbalido ng mga kagamitang pampagtuturo upang matiyak ang kalidad at kredibilidad ng binuong materyal.

### Paraan ng Pangangalap ng Datos

Isinagawa ang pag-aaral sa pamamagitan ng sunod-sunod na proseso: (1) humingi ang mananaliksik ng pahintulot sa Pangasinan State University–School of Advanced Studies at nagpadala ng opisyal na liham sa mga kalahok upang ipaliwanag ang layunin, papel ng kalahok, at paraan ng pangangalap ng datos, at upang matiyak ang may-kaalamang pagsang-ayon; (2) nagpasagot ng talatanungan sa piling guro ng Filipino sa Baitang 11 upang matukoy ang ginagamit na kagamitang pampagtuturo sa pagtataya ng kasanayang pagsasalita, gayundin ang mga kahirapan at pangangailangan sa pagtuturo; (3) batay sa natukoy na pangangailangan, bumuo ang mananaliksik ng balangkas at paunang talasanayang may estratehiyang improvisasyon; (4) ipinadaan ang paunang instrumento sa content validation ng limang eksperto sa Filipino, pedagohiya, at improvisasyon gamit ang *validity* at *reliability tools* upang suriin ang kaugnayan ng mga aytem, kalinawan ng panuto at wika, at kaangkupan sa layunin ng kurikulum, kasama ang *usability* at *scoring;* at (5) isinagawa ang rebisyon at pagpipino batay sa resulta at rekomendasyon ng mga eksperto

DALUMAT
Pambansang Akademikong Journal sa Pananaliksik at Edukasyon
Tomo 1, Isyu 2 (2026)
ISSN:3116-4692

upang matiyak na ang pinal na talasanayan ay may mataas na bisa at kapakinabangan at handa nang gamitin sa Filipino 11.

**Pagsusuri ng mga Datos**

Sa pagsusuri ng mga datos, ginamit ng mananaliksik ang *palarawang estadistika* upang sistematikong mailarawan ang kasalukuyang kalagayan ng kagamitang pampagtuturo, ang mga hamon sa pagtataya, at ang pangangailangan sa pagpapahusay ng kasanayan sa pagsasalita ng mga mag-aaral.

Para sa pagsusuri ng pangangailangan mula sa talatanungang sinagutan ng mga guro ng Filipino, ginamit ang *frequency with weighted mean* na may kaakibat na interpretasyon upang matukoy ang mga kagamitang ginagamit, mga gawaing isinasagawa, mga suliraning kinakaharap ng mga guro sa pagtuturo, at pangangailangan sa pagpapahusay nito. Ang resultang ito ang nagsilbing batayan sa pagpili ng mga paksang isasama sa pagbuo ng talasanayan.

Ang *frequency* ay nagsilbing bilang ng mga guro na pumili sa bawat antas ng kategorya, habang ang *weighted mean* naman ang nagbigay ng tiyak na *average* na nagpapakita ng antas ng pagsang-ayon o dalas ng paggamit sa mga kagamitang pampagtuturo at gawaing isinasagawa. Ang formula para sa weighted mean ay:

$$\bar{x} = \left(\sum (f \cdot w)\right) / N$$

kung saan:

- $\bar{x}$ ay w
- eighted mean;
- $\sum(f \cdot w)$ ay kabuuan ng produkto ng frequency (f) at kaukulang weight (w) nito; at
- $N$ ay kabuuang bilang ng mga kalahok.

Ang bawat nakuhang *weighted mean* ay binigyan ng interpretasyon batay sa itinakdang iskala ng mga sumusunod:

- Para sa Antas ng Mga Hamon sa Kasalukuyang Kalagayan ng mga Guro sa Pagsukat ng Kasanayang Pagsasalita sa Pagtuturo ng Asignaturang Filipino

| ISKALA | DESKRIPTIBONG INTERPRETASYON |
|---|---|
| 4.51 - 5.00 | Napakataas na hamon |
| 3.51 - 4.50 | Mataas na hamon |
| 2.51 – 3.50 | Katamtamang hamon |
| 1.51 – 2.50 | Mababang hamon |
| 1.00 – 1.50 | Napakababang hamon |

- 

DALUMAT
Pambansang Akademikong Journal sa Pananaliksik at Edukasyon
Tomo 1, Isyu 2 (2026)
ISSN:3116-4692

- Para sa Antas ng Pangangailangan ng mga Guro sa Pagsukat ng Kasanayang Pagsasalita sa Pagtuturo ng Asignaturang Filipino

| ISKALA | DESKRIPTIBONG INTERPRETASYON |
|---|---|
| 4.51 - 5.00 | Napakataas na pangangailangan |
| 3.51 - 4.50 | Mataas na pangangailangan |
| 2.51 – 3.50 | Katamtamang pangangailangan |
| 1.51 – 2.50 | Mababang pangangailangan |
| 1.00 – 1.50 | Napakababang pangangailangan |

Upang matiyak ang kalidad at katatagan ng instrumentong ginamit, ginamit din ang weighted mean sa pagsusuri ng kabisaan at kapakinabangan. Ang mga datos na nagmula sa mga ekspertong tagasuri ay tinipon at kinuhanan ng *average* upang malaman kung ang nilalaman at rubrik ng bawat talasanayan ay pasok sa mga pamantayan ng disenyo, organisasyon, at kawastuhan. Gumamit ng 4-point relevance scale (1 = Hindi Sumasang-ayon, 2 = Hindi Gaanong Sumasang-ayon, 3 = Sumasang-ayon, 4 = Lubos na Sumasang-ayon) upang maiwasan ang neutral na tugon at pilit na linaw na paghatol ng eksperto.

Ang mataas na *weighted mean* sa aspekto ng kabisaan (*validity*) ay nagpapatunay na ang instrumento ay tunay na sumusukat sa dapat nitong sukatin, habang ang kapakinabangan naman ay nagpapatunay na ang instrumento ay nagbibigay ng konsistent na resulta. Ang pormulang ginamit ay katulad ng sa naunang bahagi, kung saan ang bawat puntos na ibinigay ng mga eksperto ay ita-tally at hahatiin sa kabuuang bilang ng mga aytem upang makuha ang pangkalahatang mean.

Para sa interpretasyon ng datos sa antas ng kabisaan, narito ang sinundang iskala batay sa *weighted mean*:

| ISKALA | DESKRIPTIBONG INTERPRETASYON |
|---|---|
| 3.51 - 4.00 | Ang aytem ay napakaangkop, malinaw, at hindi na nangangailangan ng rebisyon (Lubos na Naaangkop) |
| 2.51 – 3.50 | Ang aytem ay angkop ngunit nangangailangan ng kaunting pagbabago o rebisyon (Naaangkop) |
| 1.51 – 2.50 | Ang aytem ay nangangailangan ng malaking rebisyon upang maging angkop (Hindi Naaangkop) |
| 1.00 – 1.50 | Ang aytem ay hindi angkop at dapat tanggalin (Lubos na Hindi Naaangkop) |

Para naman sa interpretasyon ng datos sa antas ng pagtanggap/pagkamaaasahan, narito ang iskala batay sa *weighted mean*:

| ISKALA | DESKRIPTIBONG INTERPRETASYON |
|---|---|
| 3.51 - 4.00 | Lubos na Katanggap-tanggap |
| 2.51 – 3.50 | Katanggap-tanggap |
| 1.51 – 2.50 | Hindi Katanggap-tanggap |
| 1.00 – 1.50 | Lubos na Hindi Katanggap-tanggap |

DALUMAT
*Pambansang Akademikong Journal sa Pananaliksik at Edukasyon*
Tomo 1, Isyu 2 (2026)
ISSN:3116-4692

Sinuri ang mga kalitatibong mungkahi at komento ng mga ekspertong tagasuri sa pamamagitan ng naratibong paglalagom, kung saan masusing binasa at pinagsama-sama ang lahat ng puna upang mailarawan ang pangkalahatang kalakasan at kahinaan ng talasanayan. Sa paraang ito, natukoy ang pinagkakaisahan ng mga eksperto kung aling bahagi ang dapat panatilihin, alisin, o baguhin, at ang naging resulta nito ang nagsilbing gabay sa pinal na rebisyon ng kagamitang pampagtuturo.

**Etikal na Konsiderasyon**

Tiniyak ng mananaliksik ang pagsunod sa mga pamantayang etikal sa buong pag-aaral sa pamamagitan ng: (1) boluntaryong paglahok at may-kaalamang pagsang-ayon, kabilang ang karapatang umatras anumang oras; (2) pagpapanatili ng kumpidensiyalidad at anonimidad at ligtas na pag-iingat ng datos para sa layuning pang-akademiko lamang; (3) pagsasagawa ng mga aktibidad na walang pinsala at hindi lumalabag sa karapatan ng mga kalahok; at (4) wastong pagkilala sa mga sanggunian alinsunod sa *intellectual property* at akademikong katapatan.

## KINALABASAN AT TALAKAYAN

### Mga Gawaing Pasalita sa Filipino 11 para sa Pagsukat ng Kasanayang Pagsasalita

Inilalahad sa talahanayan 1 ang distribusyon ng mga gawaing pasalitang ipinapatupad ng mga guro para sa mga mag-aaral ng Baitang 11. Ang mga gawaing ito ay sumasalamin sa mga estratehiyang ginagamit upang tayain ang katatasan, organisasyon ng ideya, at kumpiyansa ng mga mag-aaral sa pagsasalita.

**Talahanayan 1**
Mga Gawaing Pasalitang Isinasagawa ng mga Guro sa Pagtuturo ng Asignaturang Filipino sa Baitang 11 para sa Pagsukat ng Kasanayang Pagsasalita
n=60

| Mga Indikeytor | Palagi | | Madalas | | Bihira | | Minsan | | Hindi Kailanman | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | F | % | F | % | F | % | F | % | F | % |
| **1. Talumpati (Impromptu, Extemporaneous, Inihanda)** | 9 | 15.0 | **27** | **45.0** | 21 | 35.0 | 3 | 5.0 | 0 | 0 |
| **2. Debate** | 6 | 10.0 | 21 | 35.0 | **30** | **50.0** | 3 | 5.0 | 0 | 0 |
| **3. Sabayang Pagbigkas** | 3 | 5.0 | 9 | 15.0 | **42** | **70.0** | 6 | 10.0 | 0 | 0 |
| **4. Masining na Pagkukuwento** | 6 | 10.0 | 21 | 35.0 | **27** | **45.0** | 6 | 10.0 | 0 | 0 |
| **5. Pangkatang Talakayan** | **30** | **50.0** | 24 | 40.0 | 6 | 10.0 | 0 | 0.0 | 0 | 0 |
| **6. Pag-uulat sa Klase** | 21 | 35.0 | **27** | **45.0** | 9 | 15.0 | 3 | 5.0 | 0 | 0 |

| | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| **7. Panayam (Biglaan o Pinaghandaan)** | 3 | 5.0 | 18 | 30.0 | **33** | **55.0** | 6 | 10.0 | 0 | 0 |
| **8. *Spoken Word Poetry*** | 6 | 10.0 | 9 | 15.0 | **33** | **55.0** | 12 | 20.0 | 0 | 0 |
| **9. Dula-dulaan** | 9 | 15.0 | **27** | **45.0** | 21 | 35.0 | 3 | 5.0 | 0 | 0 |
| **10. Mga Improvisasyonal na Senaryo** | **24** | **40.0** | 18 | 30.0 | 15 | 25.0 | 3 | 5.0 | 0 | 0 |

Mas madalas piliin ng mga guro ang mga gawaing kolaboratibo at interaktibo sa pagtuturo ng pagsasalita sa Filipino: nanguna ang Pangkatang Talakayan (50%) at sinundan ng Mga Improvisasyonal na Senaryo (40%) dahil nakatutulong ang mga ito sa mabilis na pag-iisip, pakikipag-ugnayan, at pagbawas ng kaba at pag-aalinlangan ng mga mag-aaral. Gayunman, nananatiling mahalaga at madalas pa ring isinasagawa ang mga tradisyonal na gawain tulad ng pag-uulat, talumpati, at dula-dulaan (tig-45%) dahil mas madaling maisakatuparan at markahan sa limitadong oras. Samantala, mas bihirang gawin ang mga masining at pormal na aktibidad na nangangailangan ng mas mahabang paghahanda—gaya ng sabayang pagbigkas (70% sa "Bihira"), panayam, spoken word poetry, at debate—na nagpapakita ng unti-unting paglipat ng klasrum sa mas natural at kusang paggamit ng wika, alinsunod sa layunin ng K–12 na ihanda ang mga kabataan sa totoong buhay na pakikipagtalastasan.

**Mga Kagamitang Pampagtuturo sa Filipino 11 para sa Pagsukat ng Kasanayang Pagsasalita**

Ang Talahanayan 2 ay nagpapakita ng iba't ibang kagamitang pampagtuturo na ginagamit sa Baitang 11 para sa pagsukat ng kasanayang pagsasalita. Binibigyang-diin nito ang mga gamit na madalas sandigan ng mga guro upang matamo ang mga kompetensing pangkomunikasyon na itinakda ng kurikulum.

**Talahanayan 2**
Mga Kagamitang Pampagtuturo na Kadalasang Ginagamit ng mga Guro sa Pagtuturo ng Asignaturang Filipino sa Baitang 11 para sa Pagsukat ng Kasanayang Pagsasalita
n=60

| Mga Indikeytor | Palagi | | Madalas | | Bihira | | Minsan | | Hindi Kailanman | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | F | % | F | % | F | % | F | % | F | % |
| **1. Batayang Aklat / Textbook** | **24** | **40.0** | 15 | 25.0 | 18 | 30.0 | 3 | 5.0 | 0 | 0 |
| **2. DepEd Learning Activity Sheet (LAS)** | 9 | 15.0 | **33** | **55.0** | 12 | 20.0 | 6 | 10.0 | 0 | 0 |
| **3. PowerPoint Presentations** | **54** | **90.0** | 3 | 5.0 | 0 | 0.0 | 3 | 5.0 | 0 | 0 |
| **4. Video Clips** | 21 | 35.0 | **24** | **40.0** | 15 | 25.0 | 0 | 0.0 | 0 | 0 |
| **5. Modyul** | 15 | 25.0 | 21 | 35.0 | **24** | **40.0** | 0 | 0.0 | 0 | 0 |
| **6. Audio Recordings (Podcasts, Talumpati)** | 9 | 15.0 | 15 | 25.0 | **36** | **60.0** | 0 | 0.0 | 0 | 0 |
| **7. Mga Awtentikong Kagamitan** | 12 | 20.0 | **30** | **50.0** | 15 | 25.0 | 3 | 5.0 | 0 | 0 |
| **8. Interactive Apps (Quizizz, Kahoot, Wordwall)** | 9 | 15.0 | **39** | **65.0** | 3 | 5.0 | 9 | 15.0 | 0 | 0 |

ISSN:3116-4692

| | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| **9. AI Tools (ChatGPT, Canva Magic Write)** | 3 | 5.0 | **27** | **45.0** | 18 | 30.0 | 12 | 20.0 | 0 | 0 |

Masasalamin sa datos na sa paglinang ng kasanayang pagsasalita sa Filipino, nananatiling una sa kagamitang pampagtuturo ang PowerPoint Presentations (90% ng mga guro ay gumagamit sa antas na palagi), na nagsisilbing pangunahing biswal na suporta sa paglalahad ng konsepto, pagmomodelo ng estruktura ng pahayag, at pag-oorganisa ng mga gawaing pasalita. Gayundin, ang paggamit ng batayang aklat bilang kasunod na pinakamadalas na sanggunian ay nagpapahiwatig ng patuloy na pag-asa sa tekstuwal na gabay para sa pagbuo ng nilalaman at pamantayan sa pagpapahayag. Sa antas na madalas, ang pag-iral ng interactive applications, DepEd LAS, at mga awtentikong kagamitan, kasama ang pagtaas ng paggamit ng AI tools at video clips, ay nagpapakita ng pag-angkop sa mga estratehiyang nagtataguyod ng mas mataas na antas ng partisipasyon at agarang tugon—mga kondisyong kritikal sa paghasa ng *fluency, spontaneity,* at pragmatikong paggamit ng wika sa mga sitwasyong pangkomunikasyon. Gayunpaman, ang labis na pag-asa sa presentasyong biswal at ang relatibong mababang paggamit ng mga kagamitang nakatuon sa pandinig (hal. *audio recordings*) ay maaaring maglilimita sa sistematikong paglinang ng mga aspektong oral na nakaugat sa pagdinig at pagmomonitor ng sariling bigkas (hal. prosodiya, ritmo, diin, at intonasyon); kaya, kinakailangan ang mas estratehiko at holistikong pagpili ng kagamitang panturo na tuwirang sumusuporta sa pagganap sa pagsasalita—mula pagmomodelo, paggabay, pagsasanay, hanggang pagtataya ng pagsasalita.

## Antas ng Mga Kahirapang Naranasan ng mga Guro sa Pagtuturo ng Pagsasalita

Inilalahad sa Talahanayan 3 ang pagsusuri sa iba't ibang hamon na nararanasan ng mga guro sa pagtuturo ng pagsasalita. Nilalayon ng bahaging ito na tukuyin ang mga partikular na suliranin na nagiging hadlang sa epektibong komunikasyon ng mga mag-aaral, na siyang nagiging gabay sa pagbuo ng talasanayan.

**Talahanayan 3**
Antas ng mga Hamon sa Kasalukuyang Kalagayan ng mga Guro sa Pagsukat ng Kasanayang Pagsasalita sa Pagtuturo ng Asignaturang Filipino sa Baitang 11
n=60

| Mga Indikeytor | Napakataas | | Mataas | | Katamtaman | | Mababa | | Napakababa | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | F | % | F | % | F | % | F | % | F | % |
| 1. Nahihirapan akong hikayatin ang mga mag-aaral na magsalita nang kusa nang walang binabasang kodigo o iskrip. | 3 | 5.0 | 15 | 25.0 | **18** | **30.0** | 12 | 20.0 | 12 | 20.0 |
| 2. Limitado ang mga modyul o teksbuk na may mga tiyak na pagsasanay sa malaya at tuluyang pagsasalita. | 12 | 20.0 | **21** | **35.0** | 12 | 20.0 | 6 | 10.0 | 9 | 15.0 |
| 3. Ang kaba, takot magkamali, o "stage fright" | **24** | **40.0** | 18 | 30.0 | 12 | 20.0 | 3 | 5.0 | 3 | 5.0 |

DALUMAT
Pambansang Akademikong Journal sa Pananaliksik at Edukasyon
Tomo 1, Isyu 2 (2026)
ISSN:3116-4692

| | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| ay malaking hadlang sa paglahok ng mga mag-aaral sa Baitang 11. | | | | | | | | | | |
| 4. Mahirap magpanatili ng disiplina at pokus sa klase kapag nagsasagawa ng mga gawaing may malayang paggalaw. | 6 | 10.0 | 15 | 25.0 | **21** | **35.0** | 12 | 20.0 | 6 | 10.0 |
| 5. Nahihirapan akong bumuo ng rubriks na angkop sa lahat ng uri ng gawaing pagsasalita (hal. debate vs. tula). | 0 | 0.0 | 9 | 15.0 | 15 | 25.0 | **21** | **35.0** | 15 | 25.0 |
| 6. Nagkakaroon ng kalituhan kung alin ang bibigyan ng mas mataas na timbang: ang fluency (katatasan) ba o ang accuracy (kawastuhan ng gramatika). | 6 | 10.0 | 9 | 15.0 | **21** | **35.0** | 9 | 15.0 | 15 | 25.0 |
| 7. Masyadong suhetibo o nakadepende sa personal na opinyon ang pagmamarka dahil sa kawalan ng malinaw na mga deskriptor. | 0 | 0.0 | 12 | 20.0 | **24** | **40.0** | 12 | 20.0 | 12 | 20.0 |
| 8. Hindi sapat ang oras na inilaan sa klase para mataya ang bawat mag-aaral nang indibidwal. | 15 | 25.0 | **18** | **30.0** | 15 | 25.0 | 12 | 20.0 | 0 | 0.0 |
| 9. Nagiging hamon ang pagbibigay ng markang mababa sa mga mag-aaral na halatang nagsisikap ngunit sadyang mahiyain. | 12 | 20.0 | **24** | **40.0** | 6 | 10.0 | 9 | 15.0 | 9 | 15.0 |
| 10. Kulang ang oras upang mabigyan ng detalyado at pasulat na feedback ang bawat mag-aaral pagkatapos ng kanilang pagsasalita. | 9 | 15.0 | **24** | **40.0** | 18 | 30.0 | 6 | 10.0 | 3 | 5.0 |
| 11. Nahihirapan ang mga mag-aaral na tanggapin ang kritisismo sa kanilang paraan ng pagsasalita, na nagreresulta sa pagbaba ng kanilang kompiyansa. | 3 | 5.0 | 15 | 25.0 | **27** | **45.0** | 9 | 15.0 | 6 | 10.0 |
| 12. Mabilis makalimutan ang mga detalyeng dapat punahin dahil sabay-sabay | 0 | 0.0 | **24** | **40.0** | 15 | 25.0 | 12 | 20.0 | 9 | 15.0 |

DALUMAT
*Pambansang Akademikong Journal sa Pananaliksik at Edukasyon*
Tomo 1, Isyu 2 (2026)
ISSN:3116-4692

| | |
|---|---|
| na inoobserbahan ang tono, tindig, at nilalaman. | |
| **Mean (Karaniwang Halaga)** | **3.09 – Katamtamang hamon** |

Tandaan: Ang mga may pinakamataas na dalas ay naka-bold na anyo.
4.51 – 5.00 Napakataas na hamon 1.51 – 2.50 Mababang hamon
3.51 – 4.50 Mataas na hamon 1.00 – 1.50 Napakababang hamon
2.51 – 3.50 Katamtamang hamon

Lumabas sa pangkalahatang resulta ng pag-aaral na katamtaman ang antas ng hamon sa pagsukat ng kasanayang pagsasalita (mean = 3.09). Pinakamatingkad na suliranin ang kaba, takot magkamali, o stage fright ng mga mag-aaral (Indikeytor 3), na nakapagtala ng pinakamataas na antas ng pag-iral (40% sa "Napakataas"), na nagpapahiwatig na ang mga sikolohikal na salik ang pangunahing hadlang sa wastong pagtataya ng oral na pagganap. Kaugnay nito, binibigyang-diin ng mga pag-aaral (hal. Jawel et al., 2025) na karaniwan ang pagkabalisa at lalo itong tumitindi kapag nararamdaman ng mag-aaral ang banta ng negatibong paghusga; dahil dito, napakahalaga ng paglikha ng ligtas at hindi mapanghusgang kapaligiran at ng mga estratehiyang maglilipat sa kaba mula sa pagiging hadlang tungo sa pagiging produktibong motibasyon sa pagkatuto. Sa kabilang banda, itinuturing na pinakamababang hamon ang pagbuo ng mga rubrik na angkop sa iba't ibang gawaing pagsasalita (Indikeytor 5), sapagkat ito ang may pinakamataas na pagtaya sa kategoryang "Mababa" (35%), na nagpapahiwatig ng sapat na kahandaan ng mga guro sa pagdisenyo ng pamantayan sa pagmamarka.

**Antas ng Mga Kahirapang Naranasan ng mga Guro sa Pagtuturo ng Pagsasalita**

Inilalahad sa Talahanayan 3 ang pagsusuri sa iba't ibang hamon na nararanasan ng mga guro sa pagtuturo ng pagsasalita. Nilalayon ng bahaging ito na tukuyin ang mga partikular na suliranin na nagiging hadlang sa epektibong komunikasyon ng mga mag-aaral, na siyang nagiging gabay sa pagbuo ng talasanayan.

**Talahanayan 4**
Antas ng Mga Pangangailangan ng mga Guro sa Pagsukat ng Kasanayang Pagsasalita sa Pagtuturo ng Asignaturang Filipino sa Baitang 11
n=60

| Mga Indikeytor | Napakataas | | Mataas | | Katamtaman | | Mababa | | Napakababa | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | F | % | F | % | F | % | F | % | F | % |
| 1. Nararapat na magkaroon ng oryentasyon ang mga mag-aaral tungkol sa nilalaman ng rubriks bago isagawa ang gawain. | **48** | **80.0** | 12 | 20.0 | 0 | 0.0 | 0 | 0.0 | 0 | 0.0 |
| 2. Mainam na magkaroon ng pinasimpleng rubrik o mga terminong madaling maunawaan ng mga mag-aaral para sa kanilang sariling pagtataya. | **45** | **75.0** | 12 | 20.0 | 3 | 5.0 | 0 | 0.0 | 0 | 0.0 |
| 3. Kinakailangang maglaan ng mas mahabang oras sa iskedyul para | **45** | **75.0** | 9 | 15.0 | 3 | 5.0 | 3 | 5.0 | 0 | 0.0 |

| | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| sa mga indibidwal na gawaing pagsasalita upang hindi magmadali ang guro sa pagmamarka. | | | | | | | | | | |
| 4. Gagamitin ng guro ang pinasimpleng rubrik upang masuri nang mabilis at direkta ang bilis ng pag-iisip at ang kalidad ng pagtugon ng mga mag-aaral sa ibibigay na senaryo. | **45** | **75.0** | 12 | 20.0 | 0 | 0.0 | 3 | 5.0 | 0 | 0.0 |
| 5. Oobligahin ng guro ang mga mag-aaral na magpakita ng kahusayan sa paggamit ng *non-verbal cues* sa pamamagitan ng mga gawaing sadyang nakatuon sa galaw at ekspresyon. | **39** | **65.0** | 18 | 30.0 | 0 | 0.0 | 3 | 5.0 | 0 | 0.0 |
| 6. Ipoposisyon ng guro ang pagtataya sa isang awtentikong konteksto, gaya ng *job interview*, upang masuri ang kanilang kahandaan sa totoong mundo. | **45** | **75.0** | 15 | 25.0 | 0 | 0.0 | 0 | 0.0 | 0 | 0.0 |
| 7. Gagamitin ng guro ang mga susing materyal upang ituro at gabayan ang mga mag-aaral sa mabilisang pagbuo ng mga lohikal na argumento. | **33** | **55.0** | 24 | 40.0 | 3 | 5.0 | 0 | 0.0 | 0 | 0.0 |
| 8. Lilinangin ng guro ang kakayahan sa pagbubuo ng mga *follow-up questions* pagkatapos ng pagsasalita ng mag-aaral upang mas malalim na masukat ang kanilang pang-unawa. | **45** | **75.0** | 15 | 25.0 | 0 | 0.0 | 0 | 0.0 | 0 | 0.0 |
| 9. Magpapadaloy ng diskusyon ang guro upang makakuha ng mga input at ideya mula sa mga mag-aaral na gagamitin sa pagbuo ng isang epektibong checklist para sa klase. | **39** | **65.0** | 18 | 30.0 | 3 | 5.0 | 0 | 0.0 | 0 | 0.0 |
| 10. Ipapamalas ng guro ang kasanayan sa pagdidisenyo ng iba't ibang uri ng pagsusulit na susubok sa kakayahan ng mga mag-aaral. | **45** | **75.0** | 15 | 25.0 | 0 | 0.0 | 0 | 0.0 | 0 | 0.0 |
| **Mean (Karaniwang Halaga)** | **4.67 – Napakataas na pangangailangan** | | | | | | | | | |

Tandaan: Ang mga may pinakamataas na dalas ay naka-bold na anyo.
4.51 – 5.00 Napakataas na pangangailangan 1.51 – 2.50 Mababang pangangailangan

3.51 – 4.50 Mataas na pangangailangan 1.00 – 1.50 Napakababang pangangailangan
2.51 – 3.50 Katamtamang pangangailangan

Batay sa Talahanayan 4, lumitaw na napakataas ang antas ng pangangailangan kaugnay ng pagtataya at paglinang ng pagsasalita, na may kabuuang mean na 4.67. Pinakamataas ang Indikeytor 1 (80% "Napakataas"), na nagpapahiwatig ng matinding pangangailangang mauna ang malinaw na oryentasyon sa rubrik upang matiyak ang *transparent* na pamantayan at gabay sa pagganap ng mga mag-aaral. Ang ganitong diin sa rubriks at orientasyon ay umaayon sa mungkahi nina Tolete at Zamora (2023) hinggil sa pangangailangang magkaroon ng sistematikong learning progression, sapagkat nagsisilbi ang malinaw na pamantayan bilang tuntungan ng mag-aaral sa transisyon mula payak tungo sa mas kompleks na antas ng pagsasalita. Kaugnay rin nito, itinuring na napakataas ang pangangailangan sa paglalapat ng awtentikong konteksto (hal. job interview; Indikeytor 6, 75%) at sa *follow-up questions* (Indikeytor 8, 75%), na nagpapakita ng oryentasyong komunikatibo at paggamit-ng-wika sa aktuwal na sitwasyon sa halip na pagtuon lamang sa porma. Bagaman lahat ng aytem ay nasa antas na "mataas" hanggang "napakataas," pinakamababa sa "Napakataas" ang Indikeytor 7 (55%), na tumutukoy sa paggamit ng susing materyal sa mabilisang pagbuo ng lohikal na argumento; gayunpaman, nananatili itong makabuluhang bahagi ng kabuuang proseso ng pagtuturo at pagtataya ng kasanayang pagsasalita.

**Disenyo at Pagbuo ng Talasanayan sa Filipino 11**

Matapos matukoy sa talatanungan ang mga suliranin at pangangailangan sa pagtataya at paglinang ng kasanayang pagsasalita, ginamit ng mananaliksik ang Modelong 4D nina Thiagarajan, Semmel, at Semmel (1974)—*Define, Design, Develop,* at *Disseminate*—bilang balangkas sa sistematikong pagbuo ng talasanayang gumagamit ng improvisasyon, na inangkop sa lokal na konteksto alinsunod sa diin nina Irawan et al. (2018) sa masusing modipikasyon ng kagamitang panturo. Sa yugto ng Define, isinagawa ang masinsing pagsusuri sa mga kasanayan sa Filipino 11 at sa mga umiiral na materyales, kung saan natukoy na ang pinakamatingkad na hadlang sa pagsukat ng pagsasalita ay ang mga sikolohikal na salik ng mag-aaral (kaba, takot magkamali, at *stage fright*), kasabay ng pangangailangang magkaroon ng malinaw na oryentasyon sa rubrik at ng paglalapat ng awtentikong sitwasyon (hal. *job interview* at *follow-up questions*) upang mailipat ang pokus mula porma tungo sa aktuwal na gamit ng wika at pagbuo ng lohikal na argumento. Sa yugto ng Design, inangkla ang pagpili ng aralin at gawain sa binagong kurikulum ng DepEd (lesson exemplars at LAS) at sa akda ni Dr. Vasil Victoria, at isinunod ang estruktura ng talasanayan sa malinaw na layunin at batayang konsepto, kabilang ang paggamit ng PREP (Point–Reason–Example–Point), habang idinisenyo ang mga gawaing improvisasyon (hango sa *Theater Games* ni Spolin) upang unti-unting paigtingin ang *fluency*, *spontaneity*, pragmatikong pag-angkop (tono, pagpasok sa usapan, rehistro), diskursong pampubliko at panghihikayat, at pormal na rehistro para sa komunikasyong akademiko at propesyonal. Sa yugto ng Develop, binuo ang unang borador, isinailalim ito sa ebalwasyon ng mga eksperto upang matiyak ang *validity* at *reliability* (Irawan et al., 2018), at isinagawa ang rebisyon batay sa mungkahi hinggil sa teknikalidad at kaangkupan, partikular sa pagtiyak na ang mga aktibidad ay tumutugon sa kongkretong hamon ng mag-aaral (hal. kaba, pagkautal, limitadong bokabularyo) at may malinaw na gabay at rubrik na may tiyak na indikeytor (hal. eye contact, lakas ng boses) alinsunod sa CLT, Tomlinson (2016), at Berkowitz (2024). Sa yugto ng Disseminate, ipinakilala at ipinamudmod ang pinal na talasanayan sa piling 3–5 guro sa Senior High School sa Tarlac, Nueva Ecija, at Katimugang Leyte bilang paunang integrasyon sa pagtuturo; gayunman, nilinaw na ang mas malawak na pagsukat sa epekto nito sa pagganap

DALUMAT
Pambansang Akademikong Journal sa Pananaliksik at Edukasyon
Tomo 1, Isyu 2 (2026)
ISSN:3116-4692

ng mga mag-aaral ay nasa susunod na pag-aaral. Sa kabuuan, ipinapakita ng prosesong 4D na ang talasanayan ay idinisenyong *evidence-based*, progresibo, at nakatuon sa pagtataguyod ng ligtas na kapaligiran at sistematikong pagtataya upang mapaunlad ang pagganap sa pagsasalita sa iba't ibang kontekstong pangkomunikasyon.

**Antas ng Kabisaan sa Nabuong Talasanayang Ginamitan ng Estratehiyang Improvisasyon ayon sa mga Eksperto Batay sa Nilalaman at Gawain**

Inilalahad sa talahanayan 5 ang antas ng kabisaan ng talasanayang ginamitan ng estratehiyang improvisasyon ayon sa nilalaman at gawain. Sinuri ng mga eksperto ang talasanayan ayon sa tatlong pangunahing bahagi ng ebalwasyon: Kaugnayan, Kalinawan, at Pagkakahanay.

**Talahanayan 5**
Antas ng Kabisaan sa Nabuong Talasanayang Ginamitan ng Estratehiyang Improvisasyon sa Pagtuturo ng Filipino 11 Batay sa Nilalaman at Gawain

| **Bahagi ng Talasanayan** | **Kaugnayan** | | **Kalinawan** | | **Pagkakahanay** | | ***Overall Rating*** | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | Mean | DE | Mean | DE | Mean | DE | Mean | DE |
| 1. Pangkalahatang Panuto | 3.40 | NA | 3.40 | NA | 3.60 | LNA | 3.47 | NA |
| 2. Talasanayan 1: Uri ng Komunikasyon (Berbal at Di-Berbal) Gawain: Oo, at... | 3.00 | NA | 3.20 | NA | 3.40 | NA | 3.20 | NA |
| 3. Talasanayan 2: Komunikasyong Intrapersonal at Interpersonal Gawain: Monologong *Split-Scene* at Diyalogo | 3.20 | NA | 3.20 | NA | 3.00 | NA | 3.13 | NA |
| 4. Talasanayan 3: Tekstong Pasalita, Pasulat, Multimodal Aspektong Personal at Interpersonal na Komunikasyon Gawain: Tagasalin ng Multimodal | 2.80 | NA | 3.20 | NA | 3.00 | NA | 3.00 | NA |
| 5. Talasanayan 4: Magagalang na Pananalita, Pamamahala ng Usapan, At Layunin Ng Komunikasyon Gawain: Ang Magalang na Tagapag-antala | 3.40 | NA | 3.40 | NA | 3.40 | NA | 3.40 | NA |
| 6. Talasanayan 5: Tatlong Pangunahing Layunin ng Wika Gawain: The Purpose Switch | 3.20 | NA | 3.40 | NA | 3.20 | NA | 3.27 | NA |
| 7. Talasanayan 6: Wika, Lipunan, at Kamalayang Kultural Sa Komunikasyong Pilipino Gawain: Kultural na *Freeze Frame* | 3.40 | NA | 3.80 | LNA | 3.80 | LNA | 3.67 | LNA |
| 8. Talasanayan 7: Komunikasyong Publiko, Sibiko, at Kultural Gawain: *The Town Hall Press* | 3.40 | NA | 3.80 | LNA | 3.40 | NA | 3.53 | LNA |

| | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| 9. Talasanayan 8: Tekstong *Public-Facing* Gawain: *Advocacy Pageant – The Song Lyric Twist* | 3.40 | NA | 3.80 | LNA | 3.60 | LNA | 3.60 | LNA |
| 10. Talasanayan 9: Panukalang Proyekto Gawain: *The Shark Tank Pitch –* Pinatinding Edisyon | 3.60 | LNA | 3.80 | LNA | 3.20 | NA | 3.53 | LNA |
| 11. Talasanayan 10: Pamamaraan, Panuto, o Proseso sa Anyong Pasalita, Pasulat, o Multimodal Gawain: Arkitektong Bulag | 3.40 | NA | 3.40 | NA | 3.60 | LNA | 3.47 | NA |
| 12. Talasanayan 11: Wikang Akademiko at Teknikal sa Pagpapaliwanag ng Konsepto Gamit Ang Representasyong Multimodal Gawain: Konseptong Isang Salita | 3.40 | NA | 3.80 | LNA | 3.60 | LNA | 3.60 | LNA |
| 13. Talasanayan 12: Pagbibigay-Kahulugan, Pakikilahok, at Pagpapahayag sa Kontekstong Akademiko at Pampagsasanay Gawain: Lupon ng mga Ekspertong Akademiko | 3.60 | LNA | 3.20 | NA | 3.80 | LNA | 3.53 | LNA |
| 14. Talasanayan 13: Pag-unawa at Pakikilahok sa Kontekstong Propesyonal at Pantrabaho Gawain: *Spelling Dialogue* | 3.60 | LNA | 3.80 | LNA | 3.60 | LNA | 3.67 | LNA |
| 15. Talasanayan 14: Wika at Tono sa Propesyonal na Komunikasyon Gawain: Sabi nga ni Boss – *The Rhyming Memo* | 3.20 | NA | 4.00 | LNA | 3.60 | LNA | 3.60 | LNA |
| 16. Talasanayan 15: Wasto at Angkop na Pakikipagkomunikasyon Gawain: *Freeze Tag* | 3.60 | LNA | 3.40 | NA | 3.80 | LNA | 3.60 | LNA |
| 17. Talasanayan 16: Kolaborasyon sa Pantrabaho at Propesyonal na Gawain Gawain: *Reverse Interview* | 3.40 | NA | 3.60 | LNA | 3.60 | LNA | 3.53 | LNA |
| **Overall Mean** | **3.35** | **NA** | **3.54** | **LNA** | **3.48** | **NA** | **3.46** | **NA** |

Note: 1.00-1.50 - (Ang aytem ay hindi angkop at dapat tanggalin. (Hindi naaangkop - HNA)
1.51-2.50 -(Ang aytem ay nangangailangan ng malaking rebisyon upang maging angkop. (Mababang naaangkop - MNA)
2.51-3.50 - Ang aytem ay angkop ngunit nangangailangan ng kaunting pagbabago/revisions. (Naaangkop - NA)
3.51-4.00 - (Ang aytem ay napakaangkop, malinaw, at hindi na nangangailangan ng rebisyon. (Lubos na Naaangkop - LNA)

DALUMAT
*Pambansang Akademikong Journal sa Pananaliksik at Edukasyon*
Tomo 1, Isyu 2 (2026)
ISSN:3116-4692

Batay sa ebalwasyon ng mga ekspertong tagasuri, ang kabuuang antas ng kaangkupan ng mga binuong talasanayang ginamitan ng estratehiyang improvisasyon ay nasa kategoryang Naaangkop (pangkalahatang mean = 3.46), na nagsisilbing empirikal na patunay na ang materyal ay tumutugon sa mahahalagang pamantayan para sa mabisang pagtuturo ng Filipino 11. Pinakamataas ang marka sa Kalinawan (mean = 3.54, Naaangkop), na nagpapahiwatig na malinaw ang mga panuto at lohikal ang daloy ng mga gawain—isang kritikal na katangian upang maiwasan ang labis na *cognitive load*, lalo na sa mga gawaing improvisasyonal na humihingi ng agarang pagpoproseso at pagtugon. Naitala rin ang Pagkakahanay/Alignment (mean = 3.48, Naaangkop), na nagpapakita na ang mga aktibidad ay nakatugma sa mga kompetensing inaasahan sa Baitang 11; samantalang ang Kaugnayan/Relevance (mean = 3.35, Naaangkop) ay bahagyang mas mababa, partikular sa Talasanayan 3 (Tagasalin ng Multimodal) (mean = 2.80), na nagmumungkahing may ilang bahagi pang dapat rebisahin upang higit na umangkop sa konteksto at karanasan ng mga mag-aaral. Sa antas ng indibidwal na gawain, pinakamataas ang puntos ng Kultural na Freeze Frame (Talasanayan 6) at Spelling Dialogue (Talasanayan 13) (mean = 3.67, Lubos na Naaangkop), na maaaring maiugnay sa pagiging interaktibo ng temang kultural at hamong pangwika at sa kakayahan ng improvisasyon na makapagpababa ng kaba at makapagpalitaw ng mas natural na pagpapahayag (Rahmadhanti at Sukistyani, 2025). Bilang implikasyon sa implementasyon, iminungkahi ng mga tagasuri na isaalang-alang muna ng guro ang tiyak na kahirapan ng mga mag-aaral sa pagsasalita (hal. limitadong bokabularyo, pagkautal, at kaba) upang maangkop ang antas ng gawain at mas mapahusay ang pag-unlad ng kumpiyansa at pagganap. Bukod dito, binibigyang-diin ng pagsusuri na bagaman mahalaga sa improvisasyon ang bilis ng pagtugon, kinakailangang panatilihin ang balanse sa pagitan ng *spontaneity* at estrukturadong paghahanda (Berkowitz, 2024; Spragge at Eichler), at palalimin ang konteksto ng ilang gawain upang mas mapatibay ang kritikal at makataong dimensiyon ng komunikasyon alinsunod sa oryentasyon ng Communicative Language Teaching (CLT). Sa kabuuan, ipinahihiwatig ng mataas na marka at mga nakatutok na mungkahi na ang talasanayan ay handa nang gamitin sa pagtuturo, habang nananatiling bukas sa *targeted revisions* upang higit pang mapahusay ang kaugnayan at lalim ng ilang bahagi.

**Antas ng Kabisaan ng Nabuong Talasanayang Ginamitan ng Estratehiyang Improvisasyon ayon sa mga Eksperto Batay sa Pagtataya**

Inilalahad sa talahanayan 6 ang antas ng kabisaan ng talasanayang ginamitan ng estratehiyang improvisasyon ayon sa pagtataya. Sinuri ng mga eksperto ang talasanayan ayon sa tatlong pangunahing bahagi ng ebalwasyon: Kabisaan, Paggamit, at Pagmamarka.

**Talahanayan 6**
Antas ng Kabisaan sa Nabuong Talasanayang Ginamitan ng Estratehiyang Improvisasyon sa Pagtuturo ng Filipino 11 Batay sa Pagtataya

| Talasanayan | Kabisaan | | Paggamit | | Pagmamarka | | Overall Rating | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | Mean | DE | Mean | DE | Mean | DE | Mean | DE |
| 1: Oo, at... | 3.60 | LNA | 3.60 | LNA | 3.60 | LNA | 3.60 | LNA |
| 2: Monologong Split-scene at Diyalogo | 3.60 | LNA | 3.60 | LNA | 3.60 | LNA | 3.60 | LNA |
| 3: Tagasalin ng Multimodal | 3.80 | LNA | 3.80 | LNA | 3.80 | LNA | 3.80 | LNA |
| 4: Ang Magalang na Tagapag-antala | 4.00 | LNA | 3.40 | NA | 3.80 | LNA | 3.73 | LNA |
| 5: *The Purpose Switch* | 3.80 | LNA | 3.80 | LNA | 3.80 | LNA | 3.80 | LNA |
| 6: Kultural na *Freeze Frame* | 3.40 | NA | 3.60 | LNA | 3.40 | NA | 3.47 | NA |
| 7: *The Town Hall Press* | 3.40 | NA | 3.80 | LNA | 3.80 | LNA | 3.67 | LNA |

DALUMAT
Pambansang Akademikong Journal sa Pananaliksik at Edukasyon
Tomo 1, Isyu 2 (2026)
ISSN:3116-4692

| | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| 8: *Advocacy Pageant – The Song Lyric Twist* | 3.80 | LNA | 3.80 | LNA | 3.60 | LNA | 3.73 | LNA |
| 9: *The Shark Tank Pitch* – Pinatinding Edisyon | 3.40 | NA | 3.80 | LNA | 3.60 | LNA | 3.60 | LNA |
| 10: Arkitektong Bulag | 3.40 | NA | 3.80 | LNA | 3.80 | LNA | 3.67 | LNA |
| 11: Isang Salitang Konsepto | 3.60 | LNA | 3.40 | NA | 3.40 | NA | 3.47 | NA |
| 12: Lupon ng mga Akademikong Eksperto | 3.40 | NA | 3.80 | LNA | 3.80 | LNA | 3.67 | LNA |
| 13: *Spelling Dialogue* | 3.40 | NA | 3.80 | LNA | 3.80 | LNA | 3.67 | LNA |
| 14: Sabi nga ni Boss – *The Rhyming Memo* | 4.00 | LNA | 3.80 | LNA | 3.60 | LNA | 3.80 | LNA |
| 15: *Freeze Tag* | 3.80 | LNA | 3.40 | NA | 3.40 | NA | 3.53 | LNA |
| 16: *Reverse Interview* | 3.60 | LNA | 3.80 | LNA | 3.80 | LNA | 3.73 | LNA |
| **Overall Mean** | **3.63** | **LNA** | **3.69** | **LNA** | **3.66** | **LNA** | **3.66** | LNA |

Note: 1.00-1.50 - (Ang aytem ay hindi angkop at dapat tanggalin. (Hindi naaangkop - HNA)
1.51-2.50 -(Ang aytem ay nangangailangan ng malaking rebisyon upang maging angkop. (Mababang naaangkop - MNA)
2.51-3.50 - Ang aytem ay angkop ngunit nangangailangan ng kaunting pagbabago/revisions. (Naaangkop - NA)
3.51-4.00 - (Ang aytem ay napakaangkop, malinaw, at hindi na nangangailangan ng rebisyon. (Lubos na Naaangkop - LNA)

Batay sa pangkalahatang pagtataya ng mga eksperto, ang mga talasanayang binuo sa pamamagitan ng estratehiyang improvisasyon ay nakapagtala ng kabuuang mean na 3.66 na may deskriptibong interpretasyong Lubos na Naaangkop, na nagpapahiwatig na ang materyal ay hindi lamang balido kundi mataas din ang antas ng pagiging praktikal para sa aktuwal na implementasyon sa silid-aralan. Sa antas ng mga aspekto, pinakamataas ang Paggamit/Usability (mean = 3.69, Lubos na Naaangkop), na nagmumungkahing madaling isagawa ang mga gawain at hindi nagiging hadlang ang teknikalidad ng kagamitan sa pagkatuto; sa ganitong kalagayan, mas napagtutuunan ng guro at mag-aaral ang mismong paglinang ng kasanayang pagsasalita sa halip na ang pagharap sa komplikasyon ng materyal. Kahanay nito, nanatiling mataas ang Kabisaan/Effectiveness (mean = 3.63, Lubos na Naaangkop) at Pagmamarka/Scoring (mean = 3.66, Lubos na Naaangkop), na nagpapakitang ang nilalaman ng mga talasanayan ay tumutugma sa target na kompetensi ng Filipino 11 at may malinaw na mekanismo ng pagtataya na sumusuporta sa mas obhetibong pagmamarka—isang kritikal na pangangailangan sa pagtuturo at pagtataya ng pasalitang pagganap. Sa antas ng indibidwal na gawain, kapansin-pansin na ang Tagasalin ng Multimodal (Talasanayan 3), The Purpose Switch (Talasanayan 5), at Sabi nga ni Boss (Talasanayan 14) ay nakapagtala ng *perfect mean* na 3.80 sa iba't ibang kategorya; lalo pang pinatitingkad ng Talasanayan 14 ang mataas na Validity (mean = 4.00) dahil sa awtentikong pag-uugnay nito sa makatotohanang senaryong pangkomunikasyon, na kaayon ng mga pag-aaral na nagsasabing epektibo ang malikhaing gawaing tulad ng *role-play* at drama sa pagtaas ng partisipasyon at pagbabawas ng takot magkamali (Md. Absar Uddin, 2025). Bilang implikasyon sa pagpapahusay ng implementasyon, binigyang-diin din ng mga tagasuri ang pangangailangang panatilihing payak, tuwiran, at obserbableng pamantayan ang wika ng mga rubrik (hal., *eye contact* at lakas ng boses) sa halip na umasa sa abstraktong paglalarawan, upang maging mas transparent ang inaasahan at magsilbing gabay sa pag-unlad ng mag-aaral. Sa kabuuan, pinatutunayan ng napakataas na marka sa lahat ng aspekto na ang mga talasanayan ay isang matibay at maaasahang kagamitang pampagtuturo, at na ang improvisasyon bilang estratehiya ay isang epektibong inobasyong handang gamitin upang higit na mapaunlad ang kasanayang pagsasalita ng mga mag-aaral sa Senior High School.

DALUMAT
Pambansang Akademikong Journal sa Pananaliksik at Edukasyon
Tomo 1, Isyu 2 (2026)
ISSN:3116-4692

**Antas ng Pagtanggap ng Nabuong Talasanayang Ginamitan ng Estratehiyang Improvisasyon ayon sa mga Eksperto Batay sa Kalidad at Konsistensi**

Ang Talahanayan 7 ay nagpapakita ng resulta ng pagtataya sa antas ng pagtanggap ng nabuong talasanayan batay sa tatlong kategorya: kalinawan at lohikal na estruktura, kaangkupan sa layunin, at ang pagiging kapaki-pakinabang ng instrumento.

**Talahanayan 7**
Antas ng Pagtanggap ng Nabuong Talasanayan Batay sa Kalidad at Konsistensi

| Pahayag | Mean | Deskripsyon |
|---|---|---|
| **A. Kalinawan at Lohikal na Estruktura ng mga Aytem** | | |
| 1. Ang bawat talasanayan ay malinaw ang pagkakalahad at madaling maunawaan. | 3.80 | Lubos na Katanggap-tanggap |
| 2. Ang mga terminolohiyang ginamit ay angkop sa antas ng target na mag-aaral. | 4.00 | Lubos na Katanggap-tanggap |
| 3. Ang mga talasanayan ay hindi nagkakaroon ng dobleng interpretasyon. | 3.40 | Katanggap-tanggap |
| 4. Ang pagkakasunod-sunod ng mga talasanayan ay lohikal at sistematiko. | 3.40 | Katanggap-tanggap |
| 5. Walang makabuluhang sobrang pag-uulit sa mga pahayag. | 3.60 | Lubos na Katanggap-tanggap |
| **Mean** | **3.64** | **Lubos na Katanggap-tanggap** |
| **B. Kaangkupan sa Layunin ng Talasanayan** | | |
| 6. Ang mga talasanayan ay magkakaugnay sa pagsukat ng kasanayang kaugnay ng improvisasyon. | 3.60 | Lubos na Katanggap-tanggap |
| 7. Ang bawat talasanayan ay may malinaw na kaugnayan sa target na konstruksyon. | 3.60 | Lubos na Katanggap-tanggap |
| 8. Ang talasanayan ay sapat upang masukat ang bilis ng isip at pagkamalikhain ng mga mag-aaral. | 3.20 | Katanggap-tanggap |
| 9. Ang mga talasanayan ay sumasaklaw sa kolaboratibong aspekto ng improvisasyon. | 3.60 | Lubos na Katanggap-tanggap |
| 10. Ang mga talasanayan ay pare-parehong nakatuon sa iisang dimensyon ng kasanayan. | 3.40 | Katanggap-tanggap |
| **Mean** | **3.48** | **Katanggap-tanggap** |
| **C. Pagiging Kapaki-pakinabang ng Instrumento** | | |
| 11. Kung gagamitin ng ibang guro, inaasahang magkakaroon ng magkakatulad na resulta. | 3.40 | Katanggap-tanggap |
| 12. Ang mga pamantayan sa pagmamarka ay malinaw at tiyak. | 3.60 | Lubos na Katanggap-tanggap |
| 13. Ang instrumento ay nagpapakita ng pare-parehong sukatan sa iba't ibang pagkakataon. | 3.40 | Katanggap-tanggap |
| 14. Ang kabuuang talasanayan ay angkop sa lebel ng pag-unawa ng mga pamantayan. | 3.60 | Lubos na Katanggap-tanggap |
| 15. Ang kabuuang disenyo ng talasanayan ay naaayon sa pinaniniwalaang prinsipyo ng mga guro sa pagbuo ng talasanayan. | 3.40 | Katanggap-tanggap |

| | | |
|---|---|---|
| **Mean** | **3.48** | **Katanggap-tanggap** |
| **Overall Mean** | **3.53** | **Lubos na Katanggap-tanggap** |

Note: 1.00-1.50 – Lubos na Hindi Katanggap-tanggap (LHKT)
1.51-2.50 - Hindi Katanggap-tanggap (HKT)
2.51-3.50 – Katanggap-tanggap (KT)
3.51-4.00 - Lubos na Katanggap-tanggap (LKT)

Batay sa kabuuang pagtataya ng mga ekspertong tagasuri, ang instrumento ay nakapagtala ng pangkalahatang mean na 3.53 na may deskriptibong interpretasyong Lubos na Katanggap-tanggap, na nagpapahiwatig ng mataas na antas ng kalidad sa teknikal na anyo at nilalaman at ng pagtalima nito sa pamantayan para sa epektibong kagamitang pampagtuturo. Pinakamataas ang Aytem 2 (mean = 4.00, Lubos na Katanggap-tanggap), na tumutukoy sa kaangkupan ng mga terminolohiyang ginamit sa antas ng target na mag-aaral; kasunod ang Aytem 1 (mean = 3.80), na nagpapatunay sa kalinawan ng presentasyon at pagiging madaling maunawaan ng bawat talasanayan. Mataas din ang pagtataya sa ilang dimensiyon (mean = 3.60; Aytem 5, 6, 7, 9, 12, at 14), na sumasaklaw sa pag-iwas sa makabuluhang pag-uulit, kaugnayan ng mga gawain sa improvisasyon at target na konstruksyon, kolaboratibong katangian, at linaw ng pagmamarka at kaangkupan sa lebel ng pag-unawa; ang mga ito ay umaayon sa pananaw na ang improvisasyon ay higit na nagiging epektibo kapag sinusuportahan ng malinaw na gabay, sistematikong estruktura, at obhetibong rubrik (Berkowitz, 2024; Tournaire, 2024).

Sa kabilang banda, ang Aytem 8 ang nakapagtala ng pinakamababang mean na 3.20 (*Katanggap-tanggap*), na nagmumungkahing may puwang pa upang higit na mapahusay ang kasapatan ng instrumento sa mas masusing pagsukat ng bilis ng pag-iisip at pagkamalikhain—mga dimensiyong kinikilalang mahirap ganap na makuha sa iisang kasangkapang pagtataya (Lopez, 2024; Borong at Legaspi, 2022). Samantala, ang mga Aytem 3, 4, 10, 11, 13, at 15 (mean = 3.40, Katanggap-tanggap) ay nagpapakita ng sapat na antas ng lohikal na pagkakasunod-sunod, pag-iwas sa dobleng interpretasyon, pagkakatuon sa iisang dimensiyon ng kasanayan, at konsistensi ng paggamit sa iba't ibang guro o pagkakataon—mga katangiang mahalaga sa pagiging maaasahan at balidong interpretasyon ng resulta (Dionela-Servo, 2023; Puray et al., 2025). Sa kabuuan, ang antas ng pagtanggap ng mga eksperto ay nagsisilbing matibay na balidasyon na ang binuong talasanayan ay mapagkakatiwalaang instrumento para sa Filipino 11 at handa nang ilapat bilang sistematikong pamamaraan sa pagtuturo at pagtataya na nakasandig sa estratehiyang improvisasyon.

**KONGKLUSYON**

Batay sa interpretasyon ng datos, lumalabas na ang mga kasalukuyang gawaing pasalita sa Filipino 11 ay nananatiling nakasandig sa mga nakakahong iskrip at limitado sa mga materyales na hindi sapat na awtentiko at interaktibo; dahil dito, hindi ganap na nahahasa ang mga mag-aaral para sa biglaan at makatotohanang sitwasyon ng pakikipagtalastasan. Idinagdag pa rito ang dalawang pangunahing hadlang: (a) emosyonal na balakid ng mga mag-aaral (takot magkamali, hiya, at mababang tiwala sa sarili) na humahadlang sa *fluency* at bilis ng pag-iisip, at (b) kakulangan ng malinaw at patas na pamantayan sa pagmamarka na nagiging sanhi ng hindi obhetibong pagtataya at mas mabigat na daloy ng pagtuturo at pagkatuto.

DALUMAT
Pambansang Akademikong Journal sa Pananaliksik at Edukasyon
Tomo 1, Isyu 2 (2026)
ISSN:3116-4692

Bunga nito, naging angkop na tugon ang pagbuo ng talasanayang nakabatay sa Modelong 4D (Define–Design–Develop–Disseminate) at integrasyon ng estratehiyang improvisasyon mula sa sining ng teatro, sapagkat nagbibigay ito ng balanseng pundasyon sa teorya at praktika at ng mga gawaing humahasa sa kritikal na pag-iisip at mabilis na pagpapasya. Batay sa ebalwasyong isinagawa, napatunayang napakataas ang kabisaan ng talasanayan sa nilalaman, gawain, at pagtataya, at mataas din ang antas ng pagtanggap ng mga eksperto sa kalidad at konsistensi nito—lalo na sa linaw ng rubriks at instruksyon—na nagpapatunay na ang kagamitan ay obhetibo, epektibo, at handa para sa mas malawakang implementasyon bilang tugon sa pangangailangan ng kasanayang komunikatibo sa ika-21 siglo.

**MGA SANGGUNIAN**

Awada, G. M. (2024). Developing students' speaking skills through role-play and readers theatre. Journal of Lifestyle and SDGs Review, *5*(1), e03114. https://sdgsreview.org/LifestyleJournal/article/view/3114

Benito, J. (2023). Kahandaan ng guro sa pagtuturo ng asignaturang Filipino sa antas sekondarya. Global Scientific Journal, *11*(2), 2842–2867.

Berkowitz, A. (2024). You can teach improv (Yes, you!): The ultimate guide to class planning, skill building, and helping every student leave with a win. Andrew Berkowitz.

Boal, A. (2002). Games for actors and non-actors (A. Jackson, Trans.; 2nd ed.). Routledge.

Borong, N. L., & Legaspi, M. (2022). Paggamit ng makabagong panulaan sa kasanayang pasalita ng mga mag-aaral sa senior high school. International Multilingual Journal of Science and Technology, *7*(11), 503–516. http://imjst.org/vol-7-issue-11-november-2022/

Catbagan, F. C. P. (2023). Pagbuo at balidasyon ng mga bidyu aralin sa Filipino 7. International Journal of Advance Multidisciplinary Studies, *3*(6), 386–404. https://www.ijams-bbp.net/wp-content/uploads/2023/07/1-IJAMS-JUNE-2023-386-404.pdf

Chentez, K. J. R., Felicilda, J. V., Jr., Felisilda, A. R., & Tabañag, R. E. (2019). Common problems in oral communication skills among high school students. SMCC Higher Education Research Journal, *1*(1), 69–82.

Culla-ag, J. C., Cosente, G. T., Chadya-as, B. P., Dirampaten, N. U., & Eguia, M. L. G. (2025). Mga hamon sa epektibong paggamit ng wikang Filipino sa pagsasalita. Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies, *5*(1).

Department of Education. (2021, February 24). On quality control mechanism of learning materials. https://www.deped.gov.ph/2021/02/24/on-quality-control-mechanism-of-learning-materials/

Dicang, V. J. P., & Molina, H. B. (2023). Mga hamong kinakaharap ng mga mag-aaral sa paggamit ng wikang Filipino sa makrong kasanayan sa pagsasalita. Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies, *3*(12), 161–175. https://doi.org/10.47760/cognizance.2023.v03i12.014

Dionela-Servo, P. G. (2024). Pagbuo at pagbalida ng modyul sa pagtuturo ng pananaliksik sa Senior High School. Hasaan, VII, 89–106. https://hasaan.ust.edu.ph/wp-content/uploads/2024/08/06-Hasaan-Tomo-VII-Dionela-Servo.pdf

Enriquez, R., Evora, D., & Garga, H. (2020). "To speak or not to speak": Exploring English oral communication apprehensions among students. E-Saliksik DepEd Research Journal. https://e-saliksik.deped.gov.ph/wp-content/uploads/2022/03/MIMAROPA_2020_Enriquez-et-al_To-Speak-or-Not-to-Speak-Exploring-English-Oral-Communication-Apprehensions-among-Students-2.pdf

Erickson, K. (2019). Improvisation as a communicative tool in second-language learning [Master's thesis, St. Catherine University]. SOPHIA. https://sophia.stkate.edu/maed/

Estera, J. D., & Susan, J. S. (2022). Balidasyon ng MELC-based learning activity sheets sa Filipino sa piling larang akademik. Puissant, *3*, 366–380. https://www.academia.edu/118556475/Balidasyon_Ng_MELC_based_Learning_Activity_Sheets_sa_Filipino_sa_Piling_Larang_Akademik

Florea, M. (2011). Using improvisational exercises for increasing speaking and listening skills. Scientific Bulletin of the Politehnica University of Timişoara, Transactions on Modern Languages and Literatures, *10*(1), 53–58.

Gaspar, W. G. (n.d.). Mga larong improv. Philippine Educational Theater Association (PETA).

Güzel, M. Ç. (2017). Developing oral proficiency and motivation through script-based and improvisational drama [Master's thesis, California State University, San Bernardino]. CSUSB ScholarWorks. https://scholarworks.lib.csusb.edu/etd/611/

Huerto, M. D., & Espinosa, M. J. (n.d.). Worksheets: Inobatibong kagamitang pampagtuturo sa pagtatasa ng kasanayan sa pagkatuto ng Filipino 7. CRISP Research Journal, 126. [Missing volume/issue]

Jagodowski, T. J., Pasquesi, D., & Victor, P. (2015). Improvisation at the speed of life: The TJ and Dave book. Solo Roma.

Johnstone, K. (1999). Improv for storytellers. Faber and Faber.

Lopez, R. A. (2024). Paglinang sa kasanayang pasalita ng mga mag-aaral sa Baitang 10: Isang suplementaryong kagamitan. International Multilingual Journal of Science and Technology, *9*(3), 205–215.

Mercado, G. (2025, September 16). Why there are rules in improv, according to Gabe Mercado. The Freeman. https://www.philstar.com/the-freeman/cebu-entertainment/2025/09/16/2473177/why-there-are-rules-improv-according-gabe-mercado

Muhammad, N. F. A., Zolkipli, A., & Abdul, W. A. (2021). Theatre in education: The implementation of improvisation in dialogue pronunciation technique in teaching. International Journal of Academic Research in Business and Social Sciences, *11*(8), 726–735. https://dx.doi.org/10.6007/IJARBSS/v11-i8/10772

DALUMAT
Pambansang Akademikong Journal sa Pananaliksik at Edukasyon
Tomo 1, Isyu 2 (2026)
ISSN:3116-4692

Noval, A. T. (2024). Development and validation of a Self-Learning Module on Verbal and Nonverbal Communication in Filipino for tertiary. Pakistan Journal of Life and Social Sciences, *22*(2). https://doi.org/10.57239/pjlss-2024-22.2.001138

Puray, C. P., Eguia, M. L. G., & Lopez, P. M. (2025). Kasanayang pasalita sa Filipino ng mga mag-aaral sa Good News Academy Inc., Baguio City. Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies, *5*(1), 48–57. https://doi.org/10.47760/cognizance.2025.v05i01.004

Rahmadhanti, S., & Sukistyani, R. (2025). Exploring the role of theatre in enhancing vocabulary acquisition: A conceptual analysis. Journal of English Language and Education, *10*(1)

Salinsky, T., & Frances-White, D. (2017). The improv handbook: The ultimate guide to improvising in comedy, theatre, and beyond (2nd ed.). Bloomsbury Methuen Drama.

Santos, M., & Matic, R. (2023). Challenges in instructional materials at public schools. International Journal of Innovative Research and Scientific Studies, *6*(4), 849–855. https://ijirss.com/index.php/ijirss/article/view/2059

Spragge, A. M., & Eichler, K. L. (2017). The 5 elements of improv: Story, environment, trust, focus, showmanship. Defiant Monkey Improv.

Tolete, H. E., & Zamora, N. C. L. (2023). Pagtataya ng kasanayan sa pagsasalita at pagsulat ng mga mag-aaral sa junior high school: Batayan sa pagbuo ng mapa ng pag-unlad ng pagkatuto. International Multilingual Journal of Science and Technology, *8*(10).

Tournaire, M.-P. (2024). Yes and…: Improv to improve your English skills. Études en didactique des langues, *42*, 93–103. https://hal.science/hal-04714668

Varquez, P. O. (2025). Pedagohiya at hamon sa pagtuturo ng Filipino: Isang paglalahad ng mga karanasan at estratehiya ng mga guro sa Filipino sa mga kursong teknikal. International Journal of Advanced Multidisciplinary Studies, *5*(8), 410–423. https://www.ijams-bbp.net/

Zondag, F., van Besouw, N., & van den Belt, A. (2020). The influence of improvisation activities on speaking confidence of EFL student teachers. Nordisk tidsskrift for utdanning og praksis, *14*(2), 81–101. https://doi.org/10.23865/up.v14.1879